BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Programang Hardin sa Bakuran ng Lungsod ng Brampton ilulunsad sa Pebrero 6

BRAMPTON, ON (Enero 27, 2023) – Nagbabalik sa ikaapat na taon nito, ang programang Hardin sa Bakuran ng Lungsod ng Brampton dahil hinihingi ng marami at magbubukas para sa pagpapatala sa Pebrero 6.

Hinihikayat ng programa ang mga residente na magtanim ng produce at mga herb mula sa ginhawa ng kanilang sariling mga tahanan at mag-donate ng kanilang mga ani sa lokal na mga food bank at mga samahan ng organisasyon. Ang bawat kalahok ay tatanggap ng limang bag ng lupa at isang garden sampler seed kit (na kinabibilangan ng tatlong iba't ibang uri ng mga butil).

Dahil sa labis na popularidad at tagumpay ng programang ito, bukas ito sa mga bagong kalahok lamang.

**2022 programa batay sa mga numero**

- 2,921 kalahok
- 14,635 bag ng lupa at 5,836 na pakete ng mga butil ang ibinigay

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programa, pati na rin sa mga tutorial sa pahahardin at mga mungkahi, bisitahin ang www.brampton.ca/backyardgarden

**Alamin ang mas marami pa at sumali sa aming Backyard Garden Club**

Kung nakilahok ka na sa Programang Hardin sa Bakuran ngunit gusto pa ring manatiling kaugnay – sumali sa buwanang Backyard Garden Club! Bukas sa lahat ng mahihilig sa paghahardin, ang Club ay nagbibigay ng buwanang e-newsletter na may impormasyon sa paghahardin, isang pagkakataon para sa mga residente na magpadala ng mga tanong sa paghahardin, makakuha ng payo sa paghahardin at suporta mula sa mga eksperto at mga partner ng komunidad tulad ng Brampton Horticultural Society at Chinguacousy Garden Club, tumanggap ng mga eksklusibong handog, at marami pa! Bistahin ang www.brampton.ca/backyardgarden para magpatala.

Pinapasalamatan ng Lungsod ang mapagbigay nitong mga isponsor ng programa sa 2023 na Scotts Canada Ltd, Mattamy Homes, Fieldgate Developments, at Paradise Developments.

**Mga Quote**

"Nananabik tayong malugod na tanggaping muli ang Programang Hardin sa Bakuran at itinayo sa tagumpay nito sa  7,000 lbs ng nai-donate na ani sa nakalipas na taon. Ang programang ito ay patuloy na suporta sa mga nangangailangan sa local at nagpapakita ng kolektibong kaibahan na magagawa natin kapag nagsasama-sama tayo bilang isang komunidad. Inaasahan ko ang makita ang lahat ng produkto sa 2023!"

*- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Sa 2,921 kalahok sa nakalipas na taon, nakakasiglang makita ang paglahok ng ating mga residente nitong nakakabuti sa kapaligiran na inisyatiba na nagbibigay pakinabang sa marami sa ating komunidad. Nagpapasalamat din ang Lungsod sa ating mga isponsor na kumikilala sa papel na ginagampanan ng mga negosyo sa pagsuporta sa ating lokal na komunidad, at sa lahat na nag-ambag sa inisyatibang ito bilang suporta sa seguridad ng pagkain para sa ating mga residente.”

*- Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca